Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-21 NG HULYO, 2020 SA GANAP NA IKA-09:23 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**DI-NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |

## KAPASIYAHAN BLG. 54 T. 2020

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGBABADYET AT PAMAMAHALA (DEPARTMENT OF BUDGET AND MANAGEMENT) SA PAMAMAGITAN NI MGGL. WENDEL E. AVISADO NG TULONG PINANSIYAL NA NAGKAKAHALAGA NG LABING-APAT NA MILYONG (P 14,000,000.00) PISO UPANG ILAAN SA PAGPAPAGAWA NG ONE-STOP-SHOP BUILDING SA BARANGAY STO. NIÑO LUMBAN, LAGUNA**

**Akda ni: Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**
**Tagapangulo - Lupon ng Pagawain Bayan**

**SAPAGKAT,** ang pagkakaroon ng malaking income ang siyang minimithi ng bawat LGU;

**SAPAGKAT,** kung mabilis at malaki ang pasok ng income sa Pamahalaang Bayan ay makatitiyak na ito ay maibabalik sa mga mamamayan sa pamamagitan ng mga proyekto at mga programang pangkaunlaran;

**SAPAGKAT,** marapat na maayos, mabilis at sistematiko ang pagpo-proseso ng pagbabayad ng buwis at dapat kaakibat nito ay maging kombinyente at maaliwalas ang tanggapan nang sa gayon ay mahikayat ang mas maraming tao na magbayad ng buwis;

**SAPAGKAT,** kung sa isang gusali at palapag nakalagay ang mga Tanggapan na dinudulugan ng mga mamamayan para magbayad ng buwis ay tiyak na mas mabilis at sistematiko ang proseso;

**SAPAGKAT,** naniniwala ang mga opisyal ng Pamahalaang Bayan ng Lumban na ang Pamahalaang Nasyunal ay palagiang tumutugon sa makabuluhang kahilingan ng mga LGU's;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. na pinangalawahan nina Kgg. Ireneo R. Baldovino at Kgg. Orlando R. De Luna at sinang-ayunan ng lahat nang dumalo, ay;

**IPINASIYA,** tulad ng dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** na mapitagang hilingin sa Kalihim ng Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamahala (Department of Budget and Management) sa pamamagitan ni Mggl. Wendel E. Avisado ng tulong pinansiyal na nagkakahalaga ng labing-apat na milyong (P 14,000,000.00) piso upang ilaan sa pagpapagawa ng One-Stop-Shop Building sa Barangay Sto. Niño Lumban, Laguna.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamahala na pinamumunuan ni Mggl. Wendel E. Avisado at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayon ika-21 ng Hulyo, 2020.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt072120res54*